

# SIKIL/SIKLI (O IBA PANG SAKIT NG DAMDAMIN): MGA TULA

Ronald R. Ramos, Jr.

## PAMIMILI

---

Nasa gitna tayo ng pamimili nang iluluto para sa hapunan isang Sabado sa pamilihan sa Salcedo. Ninakaw ang iyong atensyon ng mga organikong prutas sa katapat na tindahan habang titinitingnan natin ang mga produkto mula sa isang uri ng damo. Iniwan mo ako sa kalagitnaan nang pagpapaliwanag ng tindera sa mga benepisyong pag-inom nito. Nilapitan mo ang tumpok ng mga malalaking bayabas na kumikinang sa kakaunting sikat ng papalubog na araw. *Mahal*, sabi mo. Napalingon ako sa gawi mo, subalit bihag ka nang pagkabighani sa nakita habang nakatitig sa'yo ang matipunong nagbabantay at nagpasubali, *Organic naman*. Pagbaling ko sa kausap, nakangiti siya sabay alok, *Magaling din ito sa puso*. Sinambot ko ang sarili at sumagot ng impit na tawa at panakaw na nilingon ulit kita. Kausap mo pa rin siya. Gusto kong itanong sa'yo, *Bakit, mahal?* Nakita kong tinapik mo ang kaniyang braso, di tulad nang pagsalat sa mga prutas, hindi salat sa pagkagusto o panghihinayang o pag-aalinlangan. Tulad ng pagkapako ng iyong kamay sa kaniyang balikat, napako ang aking tingin sa inyo na tila larawan kayo ng matagal nang magkakilala na ngayon lang muli nagkita. Saglit pa'y iniabot mo ang bayad sa mga prutas. Hinawakan ng tindera ang aking balikat, *Heto sir, libre muna. Balik ka pag hiyang sa'yo*. Nahiya ako ng bahagya at natulala sa sinabi niya, nagpasalamat saka inabot ang nakabalot kasama ang kaunting pag-asa at mabilis na umalis. Ibig kong lapitan ka at sabihing narinig kita mahal. Tulad sa tuwing magtatanong ka kung nakita ko ba gamit mo gaya ng medyas, panyo o sinturon habang nagbibihis ka sa umaga pag papasok ka na sa trabaho, subalit di kita sasagutin dahil narinig kita pero di ko sigurado kung anong gusto mong ipahiwatig dahil narinig

lang kita mula sa distansya kaya pupuntahan kita agad at iiwan ang kung anong pwedeng maiwan saka sasamahan kang maghanap. Matagal ko nang nahanap ang pagpapaubaya. Ibig kong lapitan ka subalit nag-alangan ako. Sa isip ko, *marami akong dala*. Sa isip ko, *hinihintay mo ang sukli*. Sa isip ko muli, *narinig kita mahal, di lang ako sigurado kung anong ibig mong ipahiwatig*.

Mula sa malayo, naghintay ako.

## **PALABAS**

---

Noong isang gabi, ipinagtimpla kita ng kape matapos ang hapunan habang nanunuod ka ng balita. Nang-iabot ko sa'yo ang tasa sumagi ang iyong kamay sa aking daliri. Natigilan ako ng ilang segundo. Inabot mo ang tasa at itinabi sa kung saan madali mong maabot. Tinabihan kita, sa iyong tabi, itinabi ko lahat ng pag-aalala at nagtabi ng kaunting pag-asa. Nilusaw ng mga larawang nag-iiba-iba mula sa palabas ang lahat na lumabas na agam-agam. Ginagap ko ang katahimikan. Sa palabas pinagmamasdan ng isang umiibig ang iniibig mula sa malayo. Sinulyapan kita, himbing na himbing ka sa gitna ng isang soap opera.

Kaninang umaga sa kusina habang ako'y nagkakape, nakita ko ang iyong tasa. Hinawakan ko ito tulad ng paghawak mo dito kagabi. Umingit ang tarangka. Ipinatong ko ang dalawang tasa ng kape sa mesa. Ipinagpatong ang mga kamay na parang mangungumpisal saka iginawad ang tingin sa pinto na tila humihiling na may dumating o kumatok. Pumasok ang katahimikan. Sa gitna ng paghihintay, nakalimutan ko ang hinihintay at naalala ang naghihintay. Sinalat ko ang mga tasa na parang pagsalat sa iyong malamig na labi. Sinisid ko ng dali-dali. Sinaid bawat patak, kasama ang latak, lamig at pait. Inabot ko ang katabing tasa at tinungo ang lababo. Humalo sa tubig-gripo ang tamis, lamig at pait ng panghihinayang at nasayang na kape. Parang nangungumpisal, pinagmasdan kong higupin ng lababo lahat-lahat, ang lahat-lahat. Bawat patak pati latak.

Sa mga nakaraang araw, ganito tayo makipagniig, sa pag-ibig.

## TILA

---

Sa tuwing pagkatapos ng ulan, lumalabas ako sa may tarangkahan. hinhintayin ko ang pagtila habang pumapatak ang ulan mula sa alulod, makikipaglaro na parang tulad noong bata pa, huhuli

ng patak, 'pag natiyempuhan saka pipitikin at 'pag natamaa'y uulit-ulitin na parang isang siklo, sa paulit-ulit na pagtama, pagpitik at pagpilantik ng tubig, ganoon, sa ganoon kita paulit ulit na inaabangan na dumaan,

sa may tarangkahan, sa tabi ng daan at minsan, sa aking isipan. Marami ang mga minsan na paulit-ilit akong nakipaglaro sa ulan, dahil alam kong kalarmo rin ito, na kapag tila na, saka ka dadating na tila nagkaka-intindihan na kayo. Nais ko ring magka-intindihan tayo, nais ko ring makisabay sa inyo minsan at kung papalarin ay maihatid ka pauwi, hindi lang sa ngiti o tingin. Matagal-tagal ko na ring inaabangan na dumating ang pagkakataon na dumating ang mga tamang rason at mga salita upang pag nagpakilala ako ng lubusan sa'yo, 'yung tipong hindi lang sa diskurso ng mga titig at ilang tango, kung ito'y siklo, hindi mapatid hanggang dulo. Ngayong hapon malakas ang ulan, hindi ako lalabas sa tarangkahan subalit habang nagkakape, hihintayin kita sa may bintana, at 'pag natiyempuhan

kitang dumaan, babatiin kita yung may kasamang *Kape muna?* at kung iyong pa-uunlakan, dali-dali kitang pagbubuksan at papapasukin kahit alam kong hindi titila ang pag-ulan ng mga salita at balita ng ating mga kapit-bahay, kahit alam kong alam mong tulad noong mga bata tayo ay matatandaan na minsan na tayong nagkasamang maglaro sa ulan habang hawak mo ang kamay ko na tila paghawak sa laruan mong espada. Tumingin ako sa'yo sub-

alit nakatingin ka sa malayo, sa mga tambay sa kanto, na parang nag-aabang sa mga kalabang nagbabantang lumusob kahit kailan. Parang ganoon din

ngayon, hawak ko ang tasa na parang paghawak ko sa kamay mo, nakatingin din sa malayo, nag-aabang sa dadating. Ganoon, parang ganoon, sa paulit-ulit na pagpitik ng katototohanan sa katotohanan, tumitilamsik pabalik ang paniniwalang, ang hindi pagsugod ay hindi pagsuko.

## ARALIN

---

Noong ginagawa ang parola sa may pantalan, doon ang ating palaruan. Lagi tayong umaakyat magkasama upang tanawin ang dagat bago umuwi galing sa paaralan. Sabi natin sa kabila ng dagat, nandoon siguro ang siyudad.

Noong gawa na ang parola, mas nakita natin ang mga dumadaong. Ganoon din ang isang gabi ng iyong pagyao. Sa kaniyang kandungan, ako'y nakatanaw, habang inaaninaw kitang palayo ng aplaya, pandong ng kaniyang ilaw, nakasisilaw ang iyong ngiti, tila alon ang iyong mga kaway. Noong gabi ding iyon, pangko ko ang lungkot sa aking pagpanaog ng parola. At sa mga nagdaan, hindi na lang iyon palaruan. Isa iyong paaralan kung saan natutuhan ko ang tatlong bagay: ang maghintay, ang maghintay pa, at mag-ing masaya mula sa distansya.

Ngayong gabi, maliwanag ang buwan dito sa amin sa may aplaya. Sa may bintana, hindi ko na matanaw ang parola, sabi sa balita hindi na daw kaya pang ilawan ng planta ang pantalan. Narinig ko ang silbato ng barko. Dalidali kong ipinatong ang bangko sa mesa saka tumungtong. Nais kong ibulong sa'yo ang balita, subalit sa paghampas ng mga alon sa dalampasigan kasabay ang pag-ihip ng maalinsangang hanging amihan, nanlamig ako sa katotohanan.

Hindi nga pala sapat ang tanaw at tanglaw ng buwan upang matunton kita.

# PANINIWALA

---

1. Dati, sa aming lugar, parang bawal na hindi bawal ang batang lalaking tahimik at kimi. Parang kasalanan na hindi kasalanan ang maglaro ng bahay-bahayan, o ang pagkahilig sa kulay rosas ay isang pinakatatagong lihim.

2. Sa may inyo, tahimik at kimi ang mga tao sa tuwing tayo ay dumadalaw o napapadaan, magkakasya sila sa panakaw na titig at bulong, umiiling at tila humihiling na hindi tayo magtagal.

3. *Kasing rosas ng mga rosas na tanim ng aking ina ang dingding ng ating kwarto, kuwento mo sa iyong pamilya. Sabi mo pa, para tayong pamilya tulad din ng inyong pamilya.*

4. Sa hardin, namumukadkad na ang mga rosas na tanim natin, maalala ko ang paglalaro dati ng dalawang bata sa kulay rosas na bahay-bahayan sa aming bakuran. Ang ama ay nagluluto sa kusina habang ang isa pang ama ay inihahanda ang mesa. Pupunta sa kusina ang nasa mesa. Hahawakan sa balikat ang nagluluto na tila nagtatanong kung *matagal pa ba*, habang hinalo ang hapunan, ikikiling nang nagluluto ang ulo at dadamhin ang kamay nang humawak na parang sumasagot na *malapit na*, na para sa kanila iyon ay isang payak na yakap. Magsisimulang kumulo ang niluluto, ang usok ay tila insensong nagtataboy ng sumpa o ng kung anumang maligno. Pipito ang iba pang mga ama, hudyat ng hapunan, hudyat ng pagpapaalam.

5. Sa atin, kahit ang hindi mali, hindi ibig sabihin tama.

## PARA

---

Tinangay ng hangin ang iniisip na simula kasabay ng pagpaspas ng jeep sa kahabaan ng Timog. Bago ito, nauna siyang bumaba. Nais mong pumara para pumireno ang driver upang muli mo siyang malingon at mapagmasdan kahit saglit, kahit sa huling sulyap, kahit hindi ka pa bababa upang magbakasakali o makatiyak na nakita mo nga siya, at ang titig na ibinigay sa'yo ay may kahulugan sa diskursong kayo lang ang nakakaalam o ang tango niya ay isang pangungusap na nagsasabing: Kumusta? Subalit di tulad ng biyahe, hindi kabisado ng puso mo ang ruta at ang mga pasikut-sikot sa daang nais mong tahakin, o kung pumara ka man at bumaba, ang tanaw kaya niya ay mangangahulugan nang paghihintay sa'yo at pag-akay sa iyong kamay, kasabay ang pagsasabing *kumusta* na parang matagal na kayong hindi nagkita tulad ng sa isang matagal nang kakilala? Papalayo nang papalayo ang iyong sinasakyan at ang tanaw mo ay tila nagpaiwan sa kaniyang binabaan na parang pananda sa isang daang nais mong balikan o nais muling puntahan. Parang isang pasaherong dayo, mangangahas ka kahit isang tanong: Ang pagtayo kaya niya ay nangangahulugan ng paghihintay sa tinatanaw o pagtanaw sa paghinhintay? Maghihintay ka na muling gumapang ang tapang subalit mas bumilis ang takbo ng sasakyan. Habang natutunaw siya sa iyong pagtanaw, habang lumiliit siya sa iyong paningin, lumalaki ang mga panghihinayang at pag-aalinlangan. Alam mo sa sarili mo na sa pagbaba mo sa kanto, ang lahat ng ito ay maiiwan sa sasakyan, umaasa ka na wala ring matitira kung sakaling paspasin man ang lahat ng hangin. Sa kalye pauwi, sasalubungin ka ng dilim, ihahanda mo ang mga namamawis na palad upang makipagkamay, handa at tanda nang pakikipagpalagayan sa kung anumang nag-aabang